PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 18 JUNE 27 - JULY 3, 2022 10.00

# F2 LOGISTICS COMPANY, WALANG NILABAG NA BATAS - COMELEC

**Sinabi ng Commission on Elections (Comelec) nitong Biyernes na walang nilabag ang F2 Logistics na anumang batas sa halalan hinggil sa mga dokumento na natagpuan sa Amadeo, Cavite, ilang araw pagkatapos ng halalan noong Mayo 9.**

Batay acting Comelec spokesperson John Rex Laudiangco, inaprubahan ng Commission en banc ang ulat ng Packing and Shipping Committee (PSC) na nag-imbestiga sa insidente noong Mayo 20.




"On election offense, they did not see overt act leading to a probable cause. As to contract performance and compliance to its contractual obligations, the evaluation is on per government procurement rules," ani Laundiangco.

Nang tanungin ukol sa posibleng parusa para sa paglabag sa mga obligasyong kontraktwal, sinabi niya na, "Under the Government Procurement Reform Act the Performance Security may be forfeited, in case they did not comply (with) contractual obligations."

"You can also claim warranty security (this is the percentage retention on each payment while the warranty exists on all warrantable deliverables). There is still blacklisting, the grounds and procedures of which are also in the IRR (Implementing Rules and Regulations) of RA 9184," dagdag pa ni Laundiangco.

Sa Investigation Report nito kay Commissioner Aimee Ferolino, sinabi ng PSC na walang dahilan para maalarma ang mga materyales na natagpuan sa lugar.

"Per investigation/inspection of the Packing and Shipping Committee (PS), it was found that the said election materials inside the black boxes were used items such as indelible ink, stamp pads, bond papers, as well as, used/excess non-accountable forms, ballot secrecy folders, and envelopes," saad sa ulat.

"Notarized affidavits of members of the Electoral Boards assigned in JP Rizal Elementary School, Pingkian, 1st District of Manila, where the said items came from reinforced the PSC findings," dagdag pa nito.

Ang nasabing ulat ay inaprubahan ng komisyon sa regular nitong en banc meeting noong Hunyo 15.




## BOTIKA ON WHEELS, NAGHATID NG GAMOT AT MEDIKAL NA SUPLAY SA DASMARIÑAS

Sa pagpapatuloy ng paghahatid ng mga pangunahing serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, ang Office of the Governor – Extension ay nagtungo sa Paliparan I, Dasmariñas City, Cavite noong Hunyo 17, 2022, para sa door-to-door na pamamahagi ng mga libreng gamot at bitamina sa pamamagitan ng Botika on Wheels.

Kasama ng Botika on Wheels team ang mga barangay health worker at pulis sa paglilibot sa komunidad para maihatid ang mga pangunahing medikal na suplay sa mga tatanggap na residente.

May 1,199 senior citizens at 1,395 na bata sa Paliparan, Crossing, Tabing Ilog, Carissa Homes Subdivision, Camit Compound, Square Subdivision, Picache Compound, Tiera Bonita, Beberino Compound, Dimaranan Compound, Terra Alta Homes, Nia Road, Nasta Jie, Vina Compound, Sina Sarita, DRV, Kanluran, Martinez at Tondo ang nakinabang sa nabanggit na programa.

Matatandaan na ang programang Botika on Wheels ay inilunsad noong Hunyo 2020 bilang tugon sa mga




pangunahing pangangailangang medikal at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng mga Caviteño sa panahon ng community quarantine kung saan ang mga mamamayan ay hindi pinayagang umalis sa kanilang mga tahanan at tirahan.

Source/Photos: Cavite Provincial

## PHILCYCLING NATIONAL ROAD CHAMPIONSHIPS 2022, GINANAP SA LUNGSOD NG TAGAYTAY

Halos nasa 600 bikers sa iba't ibang kategorya at event ang nagparehistro para sa PhilCycling National Championships for Road 2022, na ginanap ngayong Martes, Hunyo 22, sa lungsod ng Tagaytay.

Ang nasabing



malaking aktibidad ay parte rin ng ika-84 taong anibersaryo ng Araw ng Tagaytay.

Hindi na nagulat si PhilCycling at Philippine Olympic Committee President Rep. Abraham "Bambol" Tolentino sa malaking bilang ng mga dumalo dahil ang pagbibisikleta ay naging pangangailangan sa panahon ng pandemya kung kailan pinaghihigpitan ang pampublikong sasakyan.

Ang mga championship races na ginanap ay para sa Men and Women Elite, Under 23, Juniors (17-18) at Youth (16-under).

Naisagawa ang malaking kompetsyon dahil na rin sa pangunguna ni Tagaytay City Mayor Agnes Tolentino, at sa pakikipagtulungan ng Ikawalong Distrito ng Cavite, Pamahalaang Lalawigan ng Cavite at ang Unang Distrito ng Batangas gayundin ang mga munisipalidad ng Laurel, Agoncillo at Talisay at mga lokal na kawani ng Philippine National Police.

Source: PNA

Photo: Abraham "Bambol" Tolentino




ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# Pagkain para sa Allergy




Payo ni Doc Willie Ong

Kapag ang nakaka-allergy tulad ng pollen, halaman, damo, alikabok at amag ay nakahanap ng daan papunta sa iyong ilong, ang iyong katawan ay maaaring ma-allergy dito. Ang iyong immune cells ay naglalabas ng histamine o kemikal na responsable sa sintomas ng allergy.

Magsisimulang magkaroon ng pamamaga sa sinuses at daanan ng ilong at nagkakaroon ng pangangati ng ilong at lalamunan, at pagbahing.

Maraming pagkain ang nakatutulong para mabawasan ang allergy at mapa-kalma ang immune system:

1. Fatty fish - Ang matatabang isda gaya ng salmon, sardinas, tuna, tamban at mackerel ay mayaman sa omega-3 fatty acids, na nakatutulong mabawasan ang pamamaga, ang direktang dahilan ng sintomas ng allergy.

2. Bawang - Ang bawang ay mataas sa antioxidant para sa immune system. Gamitin ang bawang na pampalasa na pagkain. Maaari rin hiwain ang isang buong bawang ng maliliit at nguyain o lunukin ito gaya ng tableta kada araw.

3. Sibuyas - Ang sibuyas ay may quercetin, isang antioxidant na tumutulong para mabawasan ang pamamaga at maaaring makatulong para maiwasan ang paglabas ng histamine ng katawan. Maaaring isama ang sibuyas sa iyong salad, sabaw, gulay at iba pa.

4. Yogurt - Ang benepisyo ng live bacteria na matatagpuan sa yogurt at iba pang fermented na produkto gaya ng kefir ay makatutulong na mapanatili ang good bacteria sa tiyan. Suriin ang label kung mayroong lactobacillus, bifidobacterium at bacillus clausii, bukod sa iba pang live, active cultures.

5. Kamote, madahong gulay, mani tulad ng almonds, avocado at spinach o kangkong. Ang mga pagkaing ito ay mayaman sa Vitamin B at Vitamin E.

6. Oregano, lemon balm, rosemary at iba pang herbs. Lagyan ng mga herbs na pampalasa ang iyong kakainin para makakuha ng maraming benepisyo.

Mga Nutritional Supplement

1. Omega-3 fatty acids - Kung ayaw mo ng lasa ng seafoods, maaaring makuha ang omega-3 fatty acids sa mga fish oil supplement para mapaginhawa ang allergy. Dosis: 1 gram kada araw.

2. Probiotics - Kung hindi kayang kumain ng yogurt araw-araw, maaaring uminom ng probiotic supplement. Hanapin ang produktong na mayroong lactobacillus, bifidobacterium at Bacillus clausii. Dosis: Uminom ng 1 billion bilang ng capsule 2 beses kada araw.

3. Vitamin C - Pwede uminom ng 500 mg-1 gram kada araw. Hindi pa tiyak ito.

Bawasan ang Pagkain ng mga sumusunod:

1. Matatabang karne - Matataas ang kaso ng allergy sa mga taong kumakain ng maraming taba dahil sa taglay na arachidonic acid, na nagdudulot ng pamamaga.

2. Red wine - Ilan sa mga taong may allergy ay maaaring sumasakit ang ulo kapag umiinom ng red wine dahil ang balat ng pulang ubas ay may histamine.






# EDITORIAL

## Pagpaparami sa sariling ani

Nakaamba ang krisis sa pagkain. Nagbabala na ang World Bank, World Trade Organization, Food and Agricultural Organization of the United Nations at World Food Program ukol sa kakaharaping food crisis. Dulot ito ng nanalasang pandemya at ang nangyayaring kaguluhan sa Ukraine makaraang salakayin ng Russia noong Pebrero. Mas apektado ng food crisis ang maliliit at mahihirap na bansa gaya ng Pilipinas. Karaniwang ang mga mahihirap na bansa ay umaangkat ng kanilang mga pangunahing panga-ngailangan. Hindi mabubuhay ang mga maliliit na bansa kung hindi aangkat lalo ng pagkain.

Ang Pilipinas ay nakadepende na sa pag-angkat ng mga pangunahing produkto gaya ng bigas, asukal, isda, karne at pati mga gulay. Nakasanayan na ang ganitong praktis. Ilang presidente na ng bansa ang nagdaan subalit hindi na nagkaroon ng pagsisikap na palakasin ang ani para hindi na nakadepende sa pag-angkat. Dahil nasanay na sa ganitong angkat nang angkat, ang sariling produkto ay napapabayaan. Sa halip na ang pagbuhusan ng pansin ay kung paano mapaparami ang ani, ang pinagsusunugan ng kilay ay kung paano makakaangkat.

Hindi naman masama ang umangkat sapagkat may panahong nagkukulang ang suplay pero ang taun-taon na pag-importa—lalo ang bigas at isda ay hindi na nakakatuwa. Naturingang agrikultural na bansa ang Pilipinas pero kung umangkat ng bigas ay tone-tonelada. Nakakahiya na napakalawak ng taniman ng palay pero ang nakahain sa hapag ay kanin na prodyus ng mga magsasakang Chinese, Vietnamese at Thais. Kung tutuusin, mas malawak ang taniman ng palay ng Pilipinas kumpara sa Vietnam at Thailand pero sila ang nagpoprodyus ng masarap na kanin na nakahain sa hapag ng mga Pilipino. Kakahiya!

Malawak ang karagatan ng Pilipinas subalit pati galunggong, inaangkat. Hindi na nakapagtataka kung darating ang panahon na pati ang asin ay iimportahin na rin. Huwag naman sana dahil lalong kahiya-hiya.

Nangangako ang bagong administrasyon na pa-uunlarin ang agri sector sa kabila na nakaamba ang krisis sa pagkain. Pararamihin umano ang ani. Hindi raw aangkat ng produktong mayroon na ang bansa. Harinawang mangyari. At mangyayari lamang ito kung susuportahan ang mga magsasaka. Itodo ang buhos para mapaunlad ang sariling agrikultura. Panahon na para ang pagkaing nasa hapag ay ani ng Pilipino.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.







PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

DIOSAN MARUAL

KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# PhilSA to empower LGUs on using satellite data

MANILA – The Philippine Space Agency (PhilSA) on Wednesday said it is set to launch a project that will allow local government units (LGUs) and other sectors to use satellite data to better carry out their duties.

Now on its pre-implementation stage, the PINAS (PhilSA Integrated Network for Space-Enabled Actions towards Sustainability) project will produce an "active community" of government agencies, LGUs, research institutions, and members of the private sector and civil society.

PINAS will capacitate these sectors on the use of space data or the data and information coming from satellites.

Network building, capacity building and buildup expansion will be the three phases of this project. PhilSA has already started with the first phase in the Iloilo, since a ground receiving station (GRS) is located in the municipality of Dumangas.

Last June 17, PhilSA held a workshop in Iloilo for the aforementioned sectors. Over 100 persons working on agriculture, urban and rural planning, and environment monitoring, among others, attended.

The workshop allowed participants to identify the problems and challenges faced by their sectors, and the efforts and plans to address the challenges.

"Through surveys and workshops, the PINAS project will assess the needs and capabilities of its stakeholders. This information will be used in designing training programs that will enable them to utilize space-based solutions for their needs in environment and natural resources, planning, agriculture, and disaster risk reduction and management (DRRM)," Jamaica Pangasinan, PINAS project leader and Senior Science Research Specialist

at the Space Mission Control and Operations Division of the Space Information Infrastructure Bureau, told the Philippine News Agency.




*JAXA/NASA photo (grabbed from Philippine Space Agency's Facebook page)*

She added that PINAS will document and disseminate data processing workflows for the commonly-needed data by LGUs and select non-government agencies.

"This would ensure that sufficient support is provided towards decision-making, policy formulation, and action implementation, in particular, in resource management, sustainable development and disaster response and mitigation," she said.

PhilSA Deputy Director General Gay Jane Perez said space data is essential to monitoring, planning, and policy making. Thus, collaboration with the LGUs as direct users of space data would further enhance on-ground efforts.

There are several uses of space technology. These include being able to observe man-made structures like buildings and streets, presence of ships, and the natural environment since satellites capture images of different locations while orbiting.

Images captured by satellites can also be used for remote sensing, as well as monitoring vegetation and water changes. This would enable data users to predict how many tons of rice could be produced in certain fields through the data.

Meanwhile, PhilSA said its Data Allocation and Operational Information flow will be the central distribution system of data and will manage the data requests from the involved sectors.

PhilSA will also conduct the same workshop for other LGUs in Luzon and Mindanao. Through this, PhilSA will collaboratively customize the capacity-building approach which it plans to begin by 2023.

At that stage, stakeholders will be able to put up a system of space data access, sharing, and utilization, enabling them to better perform their functions and respond to the needs of the communities.

The creation of the network data-sharing system and expansion to other LGUs and sectors in the research community and civil society are also set for next year.

For now, PhilSA's focus is on conducting workshops with the LGUs, Marciano said. (PNA)

## KALAKAL CALABARZON 2022 REGIONAL TRADE FAIR, INILUNSAD NG DTI

Pormal nang binuksan ng Department of Trade and Industry (DTI Region 4-A Calabarzon) ang “Kalakal Calabarzon 2022 Regional Trade Fair” nitong Hunyo 20 sa Glorietta 2, Makati City, na may temang “Gawa ng Calabarzon, Galing ng Calabarzon”.




Ngayon ay nasa ika-9 na taon na ang Kalakal Calabarzon Regional Trade Fair, na naglalayon na isulong at suportahan ang 66 na lokal na micro, small, and medium enterprises (MSMEs) mula sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga produkto sa bago at mas malaking audience.

Ang mga MSME ay mga benepisyaryo ng iba't ibang mga interbensyon ng DTI, kung saan nakatanggap sila ng tulong sa pagpapahusay ng kalidad, disenyo, at kakayahang maibenta ang kanilang mga produkto.

Ang trade fair ay bukas mula Hunyo 20 hanggang 26, 2022.

Source: PIA Cavite

## GUHIT NG KAPALARAN

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) May mabisa at murang paraan para mapasaya ang sarili nang hindi kinakaila-ngang gumastos ng sobrang mahal. Kailangan ngayon ang magtipid lalo na’t may pinaplanong bilhin at pagkagastusan. Lucky numbers at color for the day ang 2, 16, 23, 45 at lilac.

LEO : (Hul. 23-Ago. 22) Panatilihin ang kasimplehan. Higit kang mas kaakit-akit sa katangiang ito. Maraming kaibigan ang matutuwa. Lucky numbers at color for the day ang 7, 14, 28, 36 at old rose.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Isang kaibigan ang hihingi ng tulong. Yayain siya sa labas para makita niyang hindi pa katapusan ng mundo. Lucky numbers at color for the day ang 4, 18, 26, 39 at carnation pink.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Masama man ang gising, huwag hayaang masira ang araw. Pili-ting humanap ng paraan para gumanda ang pakiramdam. Lucky numbers at color for the day ang 4, 17, 25, 38 at scarlet.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Masigla ang pakiramdam mo. Bagama’t totoong napagod nang husto sa mga nagdaang araw. Bawing bawi ka naman ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 1, 16, 24, 33 at purple.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Pangit man ang naging resulta ng iyong pagsusulit, ‘di dapat panghinaan ng loob. Bumawi na lamang sa susunod. Lucky numbers at color for the day ang 6, 18, 27, 33 at cream.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Maaaring nasa eskwelahan ka o nasa trabaho, pero ang konsentrasyon ay wala roon, kundi nasa taong espesyal sa’yo. Lucky numbers at color for the day ang 12, 20, 30, 41 at sky blue.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Mapagtatanto ang pagkakamaling nagawa sa kaibigan. Hindi pa huli para humingi ka ng tawad. Gawin na ito, now na! Lucky numbers at color for the day ang 7, 23, 31, 40 at gray.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Kailangan ang pahinga para makabawi ng lakas. Huwag masyadong pagurin ang sarili . Lucky numbers at color for the day ang 5, 16, 25, 39 at golden brown.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) Makakatanggap ng pabuya sa isang bagay na nagawa. Mabibigla sa mga susunod pang mangyayari. Lucky numbers at color for the day ang 4, 10, 26, 33 at tan.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Planuhing maayos ang mga bagay bago gumawa ng desisyon. Mahirap magsimula ng walang basehan. Lucky numbers at color for the day ang 11, 21, 37, 42 at rainbow.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) Ihanda ang sarili sa mga pagbabagong nakatakda. Tiyaking matatag ang sarili at huwag agad susuko kahit ano ang mangyari. Lucky numbers at color for the day ang avocado green.

# MANANAYA MULA SA CAVITE, NANALO NG 9.4M JACKPOT SA LOTTO




Isang mananaya mula sa lalawigan ng Cavite ang nanalo ng P9.4 milyong jackpot sa Lotto 6/42 draw noong nakaraang Huwebes ng gabi, Hunyo 16.

Batay sa advisory nitong Biyernes ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO), nahulaan ng mananaya ang winning combination na 33-31-13-41-25-18 na nagkakahalaga ng P9,423,997.

Dagdag pa rito, ibinahagi rin ng ahensya ang ticket ay binili sa Amadeo, Cavite.

Maaaring i-claim ng nanalo ang tseke sa PCSO main office sa Mandaluyong City kapag ipinakita ang nanalong ticket at dalawang identification card.

Ang mga panalo sa lotto na higit sa PHP10,000 ay sasailalim sa 20-porsiyento na buwis sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion law.

May kabuuang 13 iba pa ang nanalo ng P24,000 bawat isa para sa paghula ng lima sa anim na winning digit; 1,075 ay makakakuha ng P800; at 16,920 ang makakakakuha ng tig-P20.


Ang mga premyong hindi na-claim sa loob ng isang taon ay mawawalan ng bisa.

## OCTA: CALABARZON, KABILANG SA MGA LUGAR NA NAKIKITAAN NG PAGTAAS NG KASO NG COVID-19

Nababahala na ang OCTA Research team sa muling paglobo ng bilang ng mga nagpopositibo sa sakit na COVID-19 sa iba't ibang lugar sa bansa.

Sa isinagawang Laging Handa public briefing, inanunsyo ni Dr. Guido David na kabilang ang CALABARZON, partikular na na mga lalawigan Cavite, Laguna at Rizal, sa mga lugar sa bansa na muling nakikitaan ng pagtaas ng kaso ng COVID-19.

Dagdag pa ni David, tila pumapantay umano ang



mga ito sa bilan ng mga naitatalang kaso sa kalakhang Maynila.

Batay sa pinakuling ulat na inilabas ng Department of Health CHD-4A, sa kasalukuyan ay mayroong 277 aktibong kaso ng COVID-19 sa rehiyon.

Cavite pa rin ang nangunguna sa mga lugar na mayroong pinakamataas na bilang ng COVID-19 active cases na mayroong 119 habang pumapangalawa ang Batangas na mayroong 53; Laguna , 49; Rizal, 48; Quezon at Lucena City na mayroong 49 sa kabuuan.

Bukod sa CALABARZON, ikinababahala rin ng OCTA ang pagsisimula ng pagtaas ng kaso ng naturang sakit sa Benguet, at Ilo-ilo.

Ani David, posible pa umanong mas dumami ang bilang ng mga lugar na nagkakaroon ng pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa mga susunod pang araw.

Source: Radyo Pilipinas; PIA Calabarzon




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 18 JUNE 27 - JULY 3, 2022 10.00

## PNPA CADET, BINAWIAN NG BUHAY ILANG ARAW MATAPOS ANG RECEPTION RITES




Isang kadete ng Philippine National Police Academy (PNPA) sa Silang, Cavite ang binawian ng buhay noong Sabado, Hunyo 18, habang nilalapatan ng lunas matapos ang endurance test na kanyang pinagdaanan dalawang linggo na ang nakararaan.

Ayon sa ulat ng pulisya ng Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) nitong Hunyo 19, ang kadete ng PNPA na si Rafael Sakkam ay namatay bandang 6:00PM habang ginagamot sa Qualimed Hospital sa lungsod ng Sta. Rosa sa Laguna.

Batay pa rin sa naturang ulat, napagalaman na bumagsak si Sakkam dahil sa kahirapan sa paghinga habang isinasagawa ang reception rites noong Hunyo 3. Kaagad siyang dinala sa PNPA dispensary para sa paunang paggamot.

Makalipas ang apat na araw, inilipat si Sakkam sa Qualimed Hospital para sa karagdagang paggamot ngunit binawian ng buhay nitong Sabado.

Hindi naman tinukoy ng ulat ang sanhi ng kanyang pagkamatay.

Sa seremonya ng pagtanggap ng PNPA, ang mga kadete ay inaatasan na magsagawa ng isang serye ng mga pagsasanay sa ilalim ng araw upang subukan ang kanilang tibay.

Ang seremonya ay tradisyonal na itinuturing bilang "baptism of fire" ng mga kadete.

## PINOY WORKERS, PINAKA-STRESSED NA MANGAGAWA SA SOUTHEAST ASIA



Batay sa "State of the Global Workplace: 2022 Report" ng global analytics at advice firm na Gallup, Pilipinas ang mayroong pinakamadaming 'stressed' na manggagawa at empleyado kumpara sa iba pang bansa sa Timog-silangang Asya.

Ayon sa survey, 50% umano ng mga Pilipino workers ang nagsabing nakakadama sila ng 'stress'.

Pumapangalawa naman ang mga empleyado mula sa Thailand (41%); sinundan ng Cambodia (38%), Myanmar (37%), Vietnam (35%), Singapore (34%), Laos (32%), Malaysia (27%) at Indonesia (20%).

Batay sa Labor Code of the Philippines, ang normal na empleyado sa Pilipinas ay karaniwang nagtatrabaho ng 40 oras kada linggo.

Dahil na rin sa mababang sahod at patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, napipilitan ang ilan na humanap ng dagdag na pagkakakitaan o oras sa trabaho upang matugunan ang kani-kanilang pangangailangan.

Source: Philippine Star

Photo: Tribune PH